DEPARTMENT OF EDUCATION
CARAGA ADMINISTRATIVE REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF
SURIGAO CITY
MAR 10 2021
RELEASED
RECORDS SECTION
BY: ______ TIME: ______

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION XIII – CARAGA
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF SURIGAO CITY

Marso 10, 2021

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. , 067 s. 2021

**PANDIBISYONG ULIRANG GURO 2021 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

Sa mga: Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay
Hepe ng CID at SGOD
Tagapamanihalang Pansangay/ Pandistrito
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at
Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Dibisyon ng Lungsod ng Surigao ay magtatampok ng Pandibisyong Ulirang Guro sa Filipino 2021 ng Komisyon ng Wikang Filipino.

2. Bukas ang timpalak sa lahat ng guro na nagtuturo gamit ang wikang Filipino bilang midyum sa pagtuutro ng anumang asignatura o disiplina mula elementarya hanggang tersiyarya.

3. Para sa paunang pagpili (preliminary judging):
   3.1 Maaring magpasa ang paaralan/Distrito ng higit sa isang nominasyon hanggang Abril 30, 2021. Ang bawat nominado at aplikante ay kailangang magsumite ng Pormularyo ng Aplikasyon at Komprehensibong Curriculum Vitae na maaaring madownload sa www.kwf.gov.ph.

4. Ang mapipiling Pandibisyong Ulirang Guro sa Filipino ay makatatanggap ng sertipiko ng komendasyon mula sa Dibisyon at mapapabilang sa mga kalahok sa pambansang Ulirang Guro sa Filipino 2021 ng Komisyon ng Wikang Filipino.

5. Ang komiti sa ranking ay pangungunahan ni Filipina F. Meehleib EPS Filipino at ng dalawang pambansang awardee ng Ulirang Guro na sina Fe M. Clerigo ng SCNS at Melba H. Pahayahay ng Taft NHS.

6. Kalakip nito ang tuntunin sa paglahok , pormularyo sa paglahok at template ng curriculum vitae.

**KAREN L. GALANIDA, CESO V**
Tagapanihalang Pansangay

Republic of the Philippines
# Department of Education

05 FEB 2021

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 002, s. 2021

**ULIRANG GURO 2021 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at
Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magtatampok ng Ulirang Guro sa Filipino 2021.

2. Ang Ulirang Guro sa Filipino 2021 ay taunang gawad na ibinibigay ng KWF sa mga natatanging guro na nagpamalas ng husay at inisyatiba sa pagpapalaganap ng wikang Filipino sa kani-kanilang komunidad.

3. Bukas ang timpalak sa lahat ng guro mula sa mga la-lawigan at rehiyon na nagtuturo gamit ang wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa anumang asignatura o disiplina, mula elementarya hanggang tersiyarya, maging sa mga Direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang mga kaanak hanggang ikalawang digri (degree).

4. Ang mapipiling Ulirang Guro sa Filipino ay makatatanggap ng prestihiyosong medalyon at katibayan ng pagkilala mula sa KWF.

5. Kalakip nito ang Tuntunin sa Paglahok sa Ulirang Guro sa Filipino 2021.

6. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan kay **Remedios P. Vasquez** ng Komisyon sa Wikang Filipino, 2/ P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, San Miguel, Maynila sa email kwf.ulirangguro@gmail.com, o mobile 0906-509-7841 at 0968-605-5850.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 040, s. 2020
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONTEST
LEARNING AREA, FILIPINO
SEARCH
TEACHERS

MCDJ/SMMA/APA/MPC, DM Ulirang Guro 2021 ng KWF
0023 - January 26, 2021

5.3 Folio ng natanggap na gawad/pagkilala, kopya ng mga pananaliksik, publikasyon (aklat, journal, pahayagang pangkampus, atbp.) mga naisagawang seminar o palihan, mga nadaluhang seminar o palihan, at iba pang proyektong may kaugnayan sa wika at kultura.

5.4 Kung nagtuturo ng ibang asignatura o disiplina, ilakip ang mga patunay na nakapagtuturo gamit ang Filipino. Hal. modyul, banghay-aralin, silabus, pagsusulit, at iba pang kagamitang pampagtuturo nasusulat sa wikang Filipino.

5.5. Kung sa KWF isusumite ang lahok, kailangang magsumite ng hard file copy ng mga dokumento at soft copy na nasa CD. Ipadala sa adres na nakalagay sa itaas.

5.6. Kung sa tanggapan ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) ipadadala ang lahok, kailangang magsumite ng dalawang (2) hard copy file at soft copy file na nasa isang CD. Maiiwan ang isang kopya ng hard copy file sa tanggapan ng SWK.

6. Isasama sa mga nominado ang mga nominasyon noong mga nakaraang taon na mag-a-update ng kanilang mga dokumento. Ngunit kung walang idadagdag sa mga dokumentong naipasa noong nakaraang taon, hindi na ito isasama.

7. Hinihikayat na muling magsumite ng mga lahok ang mga sumali noong taong 2014, 2015, at 2016, 2017, 2018, 2019, at 2020 sa gawad na ito maliban sa mga nanalo na.

8. Makatatanggap ng prestihiyosong medalyon at katibayan ng pagkilala ang mga mapipiling Ulirang Guro sa Filipino.

9. Ang pasiya ng inampalan ay pinal at hindi na mababago. Lahat ng isinumiteng lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik ng KWF.

10. Para sa karagdagang tanong at detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Sangay ng Salita at Gramatika
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila
Selfon: 09065097841 (Globe), 09686055850 (Smart)
Email: kwf.ulirang.guro@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph

i. Nagpamalas ng natatanging kontribusyon sa paggamit ng Filipino at/o katutubong wika sa panahon ng pandemya.

4. Para sa paunang pagpili (preliminary judging):

4.1 Maaaring magpása ang paaralan/dibisyon ng higit sa isang nominasyon. Ang bawat nominado at aplikante ay kailangang magsumite ng sumusunod.

a. Pormularyo ng aplikasyon (maaaring madownload sa www.kwf.gov.ph); at

b. Komprehensibong Curriculum Vitae. (Ang pormularyo 2021 at template ng CV 2021 ay maaaring ma-download sa www.kwf.gov.ph)

4.2 Ang huling araw ng pagsusumite ng mga nominasyon/aplikasyon ay sa 1 Hunyo 2021.

Ipadala sa email adres na

kwf.ulirang.guro@gmail.com

o sa opisina ng KWF sa adres na:

Lupon sa Ulirang Guro 2021
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
1005 San Miguel, Maynila

o sa pinakamalapit na Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa inyong lugar.

5. Ang mapipili sa pre-judging na susulatan ng KWF ay kailangang magsumite sa o bago ang 5 Hulyo 2021 ng sumusunod:

5.1. Rekomendasyon mula sa immediate superior ng kaniyang paaralan na naglalahad ng sumusunod:

a. Katunayan ng kagalingan bílang guro sa Filipino o guro na gumagamit ng Filipino sa kaniyang pagtuturo na may makabansa at makataong kamalayan.
b. Katunayan ng No Pending Case at naakusahan at napatunayang nagkasala sa anumang kasong administratibo, sibil, o kriminal.

5.2 Kopya ng isang taóng Performance Rating na hindi bababà sa Very Satisfactory (VS).

**Tuntunin sa Paglahok sa Ulirang Guro sa Filipino 2021**

1. Bukás ang timpalak sa lahat ng gurong nagtuturo gamit ang wikang Filipino at/o ibang katutubong wika bilang midyum ng pagtuturo sa anumang asignatura o disiplina, mula elementarya hanggang tersiyarya, maging sa mga Direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang mga kaanak hanggang ikalawang digri (degree).

2. Bukod sa indibidwal na aplikasyon, maaaring magpadala ng nominasyon ang mga Tagapamanihala ng Paaralan, Prinsipal, at Pangulo ng kolehiyo/unibersidad.

3. Ang mga aplikante ay kinakailangang magtaglay ng sumusunod na katangian:

    a. May hawak na kaukulang lisensiya (LET para sa nasa antas sekundarya at elementarya, masterado o yunit sa MA para sa kolehiyo), full-time at may permanenteng istatus.

    b. Nakapaglingkod nang lima (5) o higit pang taon bílang gurong nagtuturo gamit ang Filipino at/o ibang katutubong wika at kasalukuyang nagtuturo sa anumang antas ng edukasyon at may antas ng kahusayan (performance rating) na hindi bababa sa Very Satisfactory sa buong panahon ng paglilingkod.

    c. Para sa mga Direktor ng SWK, may load sa pagtuturo na hindi bababa sa siyam (9) na yunit sa nakalipas na isang (1) taon.

    d. May makabuluhang ambag sa mga saliksik pangwika at pangkultura ng rehiyon. (Bibigyan ng malaking puntos ang mga nagawang saliksik lalo na sa agham at ibang disiplina).

    e. Nakapag-ambag sa pagpapalaganap at promosyon ng wikang Filipino at/o mga wikang katutubo at kultura sa larangan ng pagtuturo sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng publikasyon, seminar, pagsasanay, palihan, at iba pang katulad na gawain. (Bibigyan ng karagdagang puntos ang paggamit ng wikang katutubo).

    f. Nanguna sa pagpapahalaga sa pamánang pangwika at pangkultura ng Filipinas kaagapay ng pagtataguyod at pagpapaunlad sa wikang Filipino.

    g. Nanguna sa paggamit at pagpapalaganap ng *Ortograpiyang Pambansa.* (Minamarkahan batay sa paggamit ng Ortograpiyang Pambansa sa pagsulat ng korespondensiya opisyal, saliksik, artikulo, aklat, liham, at iba pang aktuwal na dokumentong ipadadala sa KWF.)

    h. Nakatanggap ng parangal at/o iba pang gawad kaugnay sa kaniyang propesyon (opsiyonal).

Advisory No. **014**, s. 2021
March 3, 2021
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013,
ang advisory na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

REBISYON SA MEMORANDUM PANGKAGAWARAN BLG. 002, S. 2021
(Ulirang Guro sa Filipino 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino)

Kaugnay sa Memorandum Pangkagawaran (MP) Blg. 002, s. 2021 na may pamagat na *Ulirang Guro sa Filipino 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)*, ang kontak person na si Remedios P. Vasquez ay nagretiro na, at hindi na konektado sa KWF. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kay:


Ma. Victoria G. Corrige-Casoy
Linguistics Specialist
Sangay ng Salita at Gramatika
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Watson Building, 1610 JP Laurel St.
San Miguel, Maynila
Mobile: 0906-509-7841; 0968-605-5850
Email: kwf.ulirang.guro@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph


Ang iba pang impormasyon na nakasaad sa MP 002, s. 2021 ay mananatili ayon sa pagkakatakda.

MCDJ/SMMA/APA/MPC, DA- Rebisyon sa MP 002, s. 2021
0061 – February 26, 2021

# Ulirang Guro sa Filipino 2021

## I. Personal na Impormasyon

**Pangalan:** ______________________________

**Adres:** ______________________________

______________________________

**Edad:** __________ **Kasarian:** __________ **Katayuang Sibil:** __________

**Araw ng Kapanganakan:** ______________ **Lugar ng Kapanganakan:** ______________

**Katutubong Wika:** ______________ **Etnolingguwistikong Pangkat:** ______________

**Telepono:** __________ **Mobile:** __________ **Email adres:** __________

**Paaralang Pinagtuturuan:** ______________________________

**Uri ng Paaralang Pinagtuturuan (I-tsek):** ______ **Publiko** ______ **Pribado**

**Baitang o Antas ng Tinuturuan:** ______________________________

**Adres ng Paaralan:** ______________________________

______________________________ **Rehiyon (Hal. NCR, Rehiyon I, CAR):** __________

**Telepono ng Paaralan:** ______________ ______________ ______________

**Asignaturang itinuturo:** ______________________________

**Espesyalisasyon (tagapagsanay, tagapanayam, tagasalin, tagapakitang-turo, pananaliksik):**

______________________________

## II. Mga Katangian ng Nominado

(Itsek ang kahon kung taglay ang sumusunod na katangian at ilakip ang curriculum vitae para sa mga detalye)

- ☐ May kaukulang lisensiya sa pagtuturo (LET para sa nasa antas elementarya at sekundarya, masterado o yunit sa MA para sa kolehiyo), full-time at may permanenteng istatus
- ☐ Karanasan sa pagtuturo: ______ taon
- ☐ Antas ng kahusayan (performance rating) ________
- ☐ May nagawang mga pananaliksik.
- ☐ May publikasyon (aklat, journal, pahayagang pangkampus, at iba pa)

- ☐ May naisagawang mga pagsasanay.
- ☐ May dinaluhang mga pagsasanay.
- ☐ May inisyatiba sa pagtataguyod sa wikang Filipino
- ☐ May mga natanggap na parangal, gawad, at katulad

## III. Sertipiko ng Pagsang-ayon

Pinatutunayan nitó na tutupad ako sa lahat ng kahingian ng gawad at may pahintulot ako sa pagpása ng nominasyon.

Pinatutunayan din nitó na ako ay nása hustong kalagayan upang sumailalim sa ebalwasyon ng gawad. Sa pamamagitan nitó, tinatanggalan ko ng responsabilidad at pananagutan ang Komisyon sa Wikang Filipino at Sentro ng Wika at Kultura mula sa mga anomalya at lisya na maaaring magmula sa aking paglahok.

Pinagtitibay nitó ang kawastuan at katotohanan ng lahat ng impormasyong nakasaad sa pormularyong ito. Batid ko ang posibilidad ng diskalipikasyon kapag nakatuklas ng palsipikasyon sa mga isinumiteng papeles.

Nilagdaan ngayong________________________ sa ____________________________________________.

_______________________________

Pangalan at Lagdâ ng Nominado

Retratong 2x2
pulgada
Kuha sa loob ng
huling anim na buwan

**TEMPLATE NG CURRICULUM VITAE**

**(Maaring magdagdag ng karagdagang impormasyon)**

**I. Personal na Impormasyon**

Pangalan:

**II. Natamong Edukasyon**

**Kolehiyo**

Pangalan ng Eskuwelahan:
Adres:
Taóng Pag-aaral:
Kurso:
Natamong Karangalan (kung mayroon)

**Gradwado**

Pangalan ng Eskuwelahan
Adres:
Taong Pag-aaral
Kurso:
Natamong Karangalan (kung mayroon)

**III. Natamong Parangal (kung mayroon)**

Pampaaralan
Pandistrito
Panlungsod
Panlalawigan
Pambansa
Pandaigdig

**IV. Lisensiya sa Pagtuturo**

LET/PBET
Iba pa

V. **Performance rating sa huling tatlong taon** (ilakip ang patunay)

VI. **Karanasang Propesyonal** (ilista ang lahat ng institusyong pinagtrabahuhan, magsimula sa kasalukuyang institusyon na pinaglilingkuran)

Institusyon (Pinagturuan/Pinaglingkuran):
Posisyon:
Taon ng Pagtuturo/Paglilingkod:

**VII. Mga Nagawang Pananaliksik (di-nalathala)**

Titulo/Pamagat:

Deskripsiyon ng Pananaliksik: (1 hanggang 3 pangungusap)

VIII. **Publikasyon o nalathalang saliksik** (journal, aklat, at iba pang katulad)

Titulo/Pamagat:
Petsa ng Pagkakalathala:
Naglimbag:

Tala: kung aklat, ilagay kung kontribyutor, ko-awtor, awtor

**IX. Mga Naisagawang Pagsasanay**

Gampanin:
Pamagat ng Pagsasanay:
Saan ginanap ang Pagsasanay:
Petsa ng Pagsasanay:

Halimbawa:
*Kasapi ng Sekretaryat*
Teachers: Molding Future Generations
Manila Hotel, Ermita, Manila
13 Enero 2013

**X. Mga Dinaluhang Pagsasanay**

Pamagat ng Pagsasanay:
Taon ng Pagsasanay:
Institusyon/Organisasyong Tagapagtaguyod Pagsasanay:
Lugar ng Pagsasanay:

Tala: pagsunod-sunurin kung ito ay lokal/rehiyonal, pambansa, pandaigdig

**XI. Organisasyong Kinabibilangan**

Pangalan ng Organisasyon:
Gampanin/katungkulan:
Taon bilang kasapi/miyembro:

XII. **Tagapagsanay ng mga Mag-aaral** (kung mayroon, hal. sa mga paligsahan, quiz bee, atbp gawain)

**XIII. Mga Naisagawang Programa, Proyekto, at iba pa para sa Pagtataguyod ng Filipino**

Pamagat ng Programa/Proyekto:
Petsa: (kailan isinagawa)